REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BATANGAS CITY

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE SPECIAL SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON APRIL 7, 2020 THROUGH ZOOM APPLICATION

PRESENT:

Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr.,	Presiding Officer
Hon. Alyssa Renee A. Cruz,	Councilor
Hon. Aileen Grace A. Montalbo,	"
Hon. Nestor E. Dimacuha,	"
Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted,	"
Hon. Gerardo A. Dela Roca,	"
Hon. Oliver Z. Macatangay,	"
Hon. Nelson J. Chavez,	"
Hon. Julian B. Villena,	"
Hon. Isidra "Ched" M. Atienza,	"
Hon. Maria Aleth A. Lazarte,	"
Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr.,	"
Hon. Angelito Dondon A. Dimacuha,	ABC-Rep.
Hon. Marjorie A. Manalo,	SK-Fed. Pres

"On motion of Councilor Montalbo duly seconded, the following Resolution was Adopted:

RESOLUTION NO. 121 S. 2020

PAGPAPAHAYAG NG PAGHANGA SA MGA SANGGUNIANG BARANGAY NG BATANGAS CITY NA TUMUTUPAD SA MGA SIMULAIN NG TRANSPARENCY AT ACCOUNTABILITY SA PAG-UULAT NG PAGGAMIT NG CALAMITY FUND AT SOCIAL AMELIORATION FUND

SAPAGKAT, sa panahong katulad ng kasalukuyang nararanasan ng bansa kaugnay ng COVID-19 pandemic, ang mga lider ng lipunan ang nagdadala ng mas mabigat na tungkulin ng pagtugon sa mga pangangailangan at kapakanan ng kanilang mga nasasakupan;

SAPAGKAT, ang mga barangay, bilang pinaka-ugat na sangay ng pamahalaan, ang siyang padaluyan ng tulong ng pamahalaan at gumagamit ng mga salaping inilaan para sa oras ng kalamidad;

SAPAGKAT, kalakip ng pagganap sa tungkulin, ang mga pinuno ng barangay ay sumasailalim sa mapanuring mata ng mga mamamayan sa kanilang paggamit ng mga yaman ng barangay at paggastos ng pondo ng pamahalaan na laan sa ganitong pagkakataon, katulad ng calamity fund at pagpapatupad ng Social Amelioration Program ng Pamahalaan;

SAPAGKAT, ang mga katangian ng tunay na lider ay mas nakikita kapag sa panahon ng kagipitan ay nananatiling isinasabuhay ang prinsipyo ng katapatan, pagiging bukas ng mga kilos at pagpapasya, at pagtanggap sa kahihinatnan ng mga kilos at mga desisyon, o ang tinatawag na simulain ng transparency at accountability sa pagganap ng tungkulin sa pamahalaan;

SAPAGKAT, ang mga pinuno ng barangay na patuloy na nakagaganap ng mahusay sa kanilang mga tungkulin na hindi lumilihis sa pagsasabuhay ng prinsipyo ng transparency at accountability sa pamamagitan ng pagpapahayag sa kanilang mga nasasakupan ng detalye ng pinaggamitan ng mga yaman ng barangay at salapi ng pamahalaan at pagtanggap sa anumang

Continuation of Resolution No. 121 S. 2020

PAGPAPAHAYAG NG PAGHANGA SA MGA SANGGUNIANG BARANGAY NG BATANGAS CITY NA TUMUTUPAD SA MGA SIMULAIN NG TRANSPARENCY AT ACCOUNTABILITY SA PAG-UULAT NG PAGGAMIT NG CALAMITY FUND AT SOCIAL AMELIORATION FUND

responsibilidad na bunga ng kanilang pagkilos at pagpapasya, ay mga maipagkakapuring halimbawa ng tunay na Lider na Batangueno;

DAHIL DITO, PINAGPASYAHAN, tulad ng dito ay pinagpapasyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Batangas, na IPAHAYAG, tulad ng dito ay ipinapahayag, ang malaking paghanga sa mga Sangguniang Barangay ng Lungsod ng Batangas na patuloy na tumutupad sa kanilang tungkulin ng may pagsasabuhay ng mga simulain ng transparency at accountability sa pamamagitan ng paglalabas ng impormasyon sa kanilang nasasakupan tungkol sa paggamit ng mga yaman ng barangay tulad ng Calamity Fund at pagpapatupad ng Social Amelioration Program ng Pamahalaan.

PINAGTIBAY NG LAHAT.

- - - -